# Mga Pagbabago sa Medi-Cal para sa mga nasa hustong gulang na Imigrante sa 2026 at 2027

HCA Health Consumer Alliance

**Magandang Balita: Ang Medi-Cal ay HINDI magbabago para sa karamihan!**

**Maipananatili ang Medi-Cal kasama ang dental at walang mga premium, anuman ang katayuan sa imigrasyon:**

- Mga bata (mas bata sa 19 na taon),
- Kasalukuyan at dating foster na kabataan (mas bata sa edad na 26), at
- Buntis at kamakailang-buntis (hanggang isang taon pagkatapos ng pagbubuntis).

## Anong mga pagbabago ang darating sa Medi-Cal at sino ang apektado?

Simula Enero 1, 2026, ang iyong **edad** at **katayuan sa imigrasyon** ay magdedetermina kung anong uri ng Medi-Cal ang makukuha mo.

| Timeline ng mga Pagbabago | | Sino ang Apektado?* |
|---|---|---|
| **Dis. 31, 2025** | **Huling araw para mag-apply para sa Full Scope Medi-Cal kung ikaw ay walang dokumento at may edad na 19+.** Ang mga taong naka-enroll na sa Medi-Cal o nag-apply para sa Medi-Cal bago ang Enero 1, 2026 ay maaaring panatilihin ang kanilang saklaw kung patuloy silang maging kwalipikado.<br><br>Kung ang iyong Full-Scope Medi-Cal ay magtatapos sa anumang dahilan, magkakaroon ka ng 90 araw upang makabalik sa Full Scope Medi-Cal. Kung lampas ka na sa 90-araw na panahon, maaaring hindi ka na makabalik sa Full Scope Medi-Cal, at magiging kwalipikado ka lang para sa Emehensiyang Medi-Cal. | Walang dokumento na nasa hustong gulang (19+) lamang |
| **Enero 1, 2026** | **Magsisimula ang paghinto sa Pagpapatala**<br>Ang mga walang dokumento na nasa hustong gulang (19+) na nag-a-apply sa Medi-Cal sa or paglampas ng Enero 1, 2026, ay kwalipikado lamanga para sa Emergency Medi-Cal. | Walang dokumento na mga nasa hustong gulang (19+) lamang |
| **Hulyo 1, 2027**[B] | **Magtatapos ang saklaw sa Dental Care**<br>Ihihinto ng Medi-Cal ang buong dental care para sa ilang imigrante. Ang Emergency Dental Care kasama ang iba pang mga benepisyo ng Medi-Cal ay mananatiling sakop sa ilalim ng "Full Scope Medi-Cal na walang Dental." | Nalalapat lamang sa nasa hustong gulang (19+) na:<br>• Walang dokumento<br>• Mga may Green Card (hindi exempt mula sa o hindi pa natutugunan ang 5 taong panahon ng paghihintay)<br>• Mga may DACA<br>• Ilang imigrante na may ng PRUCOL ** |
| **Hulyo 1, 2027** | **Simula ng Buwanang Bayad**<br>Ang mga nasa hustong gulang na may edad na 19-59 at naka-enroll sa Full-Scope Medi-Cal na walang Dental ay kailangang magbayad ng $30 bawat buwan. Kung napalampas mo ang anumang buwanang pagbabayad ng premium, magkakaroon ka ng 90 araw upang humabol. Kung hindi mo babayaran ang buong halagang dapat | Nalalapat lamang sa mga nasa hustong gulang (19-59) na:<br>• Walang dokumento<br>• Mga may Green Card (hindi libre o exempt mula sa o hindi pa natutugunan ang 5 taong panahon ng paghihintay) |

| | | |
|---|---|---|
| | bayaran sa loob ng 90 araw, mawawalan ka ng Full-Scope Medi-Cal na walang Dental, at maaari ka lang maging kwalipikado para sa Emergency Medi-Cal (na hindi nangangailangan ng pagbabayad ng premium). | • Mga may DACA<br>• Ilang imigrante na may PRUCOL** |

[B] Naantala dahil sa badyet ng estado para sa 2026–27.
* Ang mga batang wala pang 19 ang edad, kasalukuyan at dating foster na kabataan na mas bata pa sa 26 na taon, at buntis at kamakailang-buntis hanggang sa isang taon pagkatapos ng pagbubuntis ay hindi kasama sa mga pagbabagong ito!

** Para sa higit pang mga detalye sa iyong katayuan sa imigrasyon at pagiging karapat-dapat sa Medi-Cal, bisitahin ang www.healthconsumer.org/medi-cal-changes-and-what-you-need-to-know/.

(pinagpatuloy)

### Ipinaliwanag na mga Uri ng Saklaw

| Full Scope Medi-Cal | Full Scope Medi-Cal na walang Dental | Emergency Medi-Cal |
| --- | --- | --- |
| Saklaw ang lahat ng medikal na kinakailangang mga serbisyo, kasama ang:<br>✓ Pangangalaga sa pag-iwas<br>✓ Pagbisita sa mga doktor at ospital<br>✓ Pangangalaga sa kalusugan ng isip<br>✓ Dental<br>✓ Inireresetang gamot<br>✓ Pangmatagalang pangangalaga<br>✓ at higit pa! | Saklaw ang lahat ng medikal na kinakailangang mga serbisyo, maliban sa mga hindi emerhensiyang mga serbisyo sa pangangalaga ng ngipin:<br>✓ Pangangalaga sa pag-iwas<br>✓ Pagbisita sa mga doktor at ospital<br>✓ Pangangalaga sa kalusugan ng isip<br>✗ Dental<br>✓ Inireresetang mga gamot<br>✓ Pangmatagalang pangangalaga<br>✓ at higit pa!<br>Sasaklawin lang ang dental care sa mga emerhensiya, tulad ng malubhang pananakit ng ngipin, impeksyon, at pagbunot ng ngipin. | Ay sinasaklaw lamang ang:<br>✗ Pangangalaga sa pag-iwas<br>✗ Regular na mga pagbisita sa doktor<br>✓ Emerhensiyang pangangalaga lamang<br>✓ Pangangalaga sa pagbubuntis<br>✓ Pangmatagalang pangangalaga<br>✓ Dialysis<br>✗ Karamihan sa iba pang mga serbisyo<br><br>Ang Emergency Medi-Cal ay hindi komprehensibong saklaw ng kalusugan. |

### Huwang Mawalan ng Medi-Cal: Mahagalang Paalala

**Mag-apply para sa Medi-Cal bago ang Enero 1, 2026 kung ikaw ay nasa hustong gulang at walang dokumento para makakuha ng Full Scope Medical.** Pagkatapos ng takdang araw na ito, ang Emergency Medi-Cal lamang ang makukuha ng mga walang dokumentong aplikante na nasa hustong gulang.

**Tingnan ang iyong koreo, email, at telepono para sa mga abiso sa pag-renew at mga kahilingan mula sa tanggapan ng Medi-Cal ng iyong county.** Tumugon sa lahat ng kahilingan upang mapanatili ang iyong saklaw ng Medi-Cal. Magpatala para sa mga paalala sa text at email sa pamamagitan ng pagbisita sa www.BenefitsCal.com.

**Makipag-ugnayan sa tanggapan ng Medi-Cal ng iyong county sa lalong madaling panahon upang malutas ang mga isyu sa iyong pag-renew.** Hanapin ang iyong lokal na tanggapan ng county: www.BenefitsCal.com/Help/find-an-office/HCCOL

### Kapag nag-aaply para sa Medi-Cal:

- Ang impormasyon lamang sa imigrasyon ng aplikante and kailangan.
- Ang mga miyembro ng pamilya na hindi nag-a-apply para sa mga benepisyo ay hindi kailangang magbigay ng SSN o katayuan sa imigrasyon.
- Maaari kang mag-apply at mag-enroll sa Medi-Cal nang walang SSN o ITIN.

### Sino ang dapat kong kausapin kung mayroon akong mga tanong tungkol sa aking katayuan sa imigrasyon?

Makipag-usap sa isang pinagkakatiwalaan at beripikadong espesyalista sa imigrasyon. Upang makahanap ng isang espesyalista, bisitahin ang bit.ly/CDSSLSP.

**Pagpapatupad ng Medi-Cal at Immigration**

Para sa impormasyon tungkol sa kung paano maibabahagi ang iyong impormasyon sa Medi-Cal sa pagpapatupad ng imigrasyon (immigration enforcement), bumisita sa bit.ly/HCAPrivacy.

**May higit pang mga katanungan?** Dahil ang mga patakarang nakakaapekto sa Medi-Cal at mga imigrante ay maaaring patuloy na magbago, mangyaring makipag-ugnayan sa **Health Consumer Alliance** upang Makita kung ikaw ay karapat-dapat para sa libre at kumpidensyal na impormasyon tungkol sa pagpapatala sa Medi-Cal para sa mga imigrante. Para sa programa ng HCA sa iyong lugar, tawagan ang walang bayad na numero ng HCA sa buong estado: **1-888-804-3536**, pumunta sa online sa **www.HealthConsumer.org**, o i-scan ang QR code para sa karagdagang impormasyon.

*Huling na-update 7/12/2026*